Ang Importansya ng Pagdidisiplina sa mga Bata

Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran, at hanggang sa paglaki niya ay hindi niya ito malilimutan.

Mga Kawikaan 22:6

PARA SA MGA MAGULANG

Kaloob nga ng Diyos itong ating mga anak, ang ganitong mga supling, pagpapalang mayroong galak. Mga Awit 127:3

Mapagmahal na magulang, anak ay dinidisiplina, anak na di napapalo, hindi mahal ng magulang. Mga Kawikaan 13:24

Sa pagkatakot sa Panginoon ay matibay na pagtitiwala: at ang kaniyang mga anak ay magkakaroon ng dakong kanlungan. Mga Kawikaan 14:26

Ituwid mo ang iyong anak habang may pagkakataon pa, kung hindi ay ikaw na rin ang nagtulak sa pagkawasak niya. Mga Kawikaan 19:18

Likas sa mga bata ang pagiging pilyo, ngunit sa pamamagitan ng palo, sila ay matututo. Mga Kawikaan 22:15

Disiplinahin mo ang bata. Ang wastong pagpalo ay hindi niya ikamamatay. Inililigtas mo pa siya mula sa daigdig ng mga patay. Mga Kawikaan 23:13-14

Disiplina at pangaral, hatid ay karunungan; ngunit ang batang suwail, sa magulang ay kahihiyan. Mga Kawikaan 29:15

Ang anak mo ay busugin sa pangaral, at pagdating ng araw, siya ay iyong karangalan. Mga Kawikaan 29:17

Ako mismo ang magtuturo sa iyong mga anak. Sila ay magiging payapa sa buhay. Isaias 54:13

PARA SA KABATAAN

Igalang mo ang iyong ama at ina. Sa gayon ay mabubuhay ka nang matagal sa lupaing ibinibigay sa inyo ng Diyos. Exodo 20:12

Aking anak, ang saway ng Diyos ay huwag mamaliitin, at ang Kanyang pagtutuwid ay huwag mong itakwil, sapagkat lahat ng mahal Niya ay itinatama ng daan, tulad ng anak na minamahal, sinasaway ng magulang.
Mga Kawikaan 3:11-12
Ang matalinong anak ay ligaya ng magulang, ngunit tinik sa dibdib ang anak na mangmang.
Mga Kawikaan 10:1
Pakinggan mo ang iyong ama na pinagkakautangan mo ng buhay, at huwag hahamakin ang iyong ina kapag siya ay matanda na. Mga Kawikaan 23:22

Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang, alang-alang sa Panginoon, sapagkat ito ang nararapat. Igalang mo ang iyong ama at ina. Ito ang unang utos na may kalakip na pangako: Magiging maganda at mahaba ang iyong buhay sa lupa. Efeso 6:1-3

Igalang mo ang iyong ama ng iyong buong puso, at huwag mong kalimutan ang mga kalungkutan ng iyong ina. Alalahanin na ikaw ay ipinanganak sa kanila; at paano mo masusuklian sa kanila ang mga bagay na kanilang ginawa para sa iyo? Ecclesiasticus 7:27-28

Kung matiyaga nating didisiplinahin ang kabataan, maaari silang umiyak ngayon pero magsasaya sila at papasalamatan nila tayo balang araw. Kung hindi natin sila didisiplinahin, magsasaya sila ngayon pero iiyak naman sila balang araw.

Ang kabataan ang pag-asa ng bayan. Pero kung tatanda sila ng walang disiplina, ano nalang kaya ang kinabukasan ng ating bayan?

Lahat ng masasamang ugali ng isang matanda ay yaong mga hindi nasita o nadisiplina noong siya ay isang bata pa lamang. Kailangan nating palakihin ang mga bata na may takot sa Diyos.

I took a piece of living clay
And gently formed it day by day
I came again when years were gone
It was a man I looked upon
He still that early impress wore
And I could change him nevermore